Republic of the Philippines
Department of Education
REGION III-CENTRAL LUZON
SCHOOLS DIVISION OF SCIENCE CITY OF MUÑOZ
MAGTANGGOL INTEGRATED SCHOOL
BRGY. MAGTANGGOL, SCIENCE CITY OF MUÑOZ, NUEVA ECIJA

# Magulang: Sandigan para sa Tagumpay

*"Anak mag-aral kang mabuti, dahil wala akong maipapamana sa iyo na kayamanan kundi ang edukasyong meron ka."*

Ito ang ilan sa mga katagang lagi nating naririnig sa mga magulang at nagsisilbing pangaral sa kanilang mga anak. Namumutawi ito sa mga magulang na payak lamang ang pamumuhay, mga magulang na isang kahig isang tuka kung ilalarawan. Sila ang mga pamilya na nasa mababang sektor ng lipunan na hirap sa buhay at nahihirapang matugunan ang pangangailangan ng bawat isa. Dahil sa paniniwalang ang Eduksyon ay siyang susi para sa ikatatagumpay ng isang tao at upang mabago ang buhay na kasalukuyang mayroon sila, ginagawa ng mga magulang ang lahat ng kanilang makakaya upang makapagtapos ng pag-aaral ang kanilang mga anak.

Subalit buhat ng dumating ang pandemyang  COVID 19, binago nito ang lahat ng ating nakasanayan. Ang sistema ng edukasayon ay nagbago lalo na sa paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Mula sa dating pagkakaroon ng face-to-face classes, binago ito at naging Modular Distance Learning noong Oktubre 2020 hanggang sa ngayon. Ang Modular Distance Learning ay isang pamamaraan ng pag-aaral kung saan ang mga mag-aaral at kanilang mga guro ay hindi magkakaroon ng pisikal na pagsasama o paghaharap. Ihahanda ng mga guro ang mga modules na gagamitin ng mga bata sa kanilang pag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Bilang isang guro sa elementarya, nakita ko ang sakripisyo ng mga magulang para sa kanilang mga anak.  Ito ay hindi naging madali sa parte ng mga bata lalo't higit sa kanilang mga magulang.

Noong mga panahong normal pa ang lahat, mas mahaba ang oras na nilalaan ng mga bata sa paaralan. Mas mahaba din ang panahong kasama nila ang kanilang mga guro kaysa sa kanilang mga magulang. Kaya nga sinasabing ang guro ang siyang pangalawang magulang ng mga mag-aaral dahil pagpasok nila sa paaralan, sila na ay responsibilidad ng kanilang mga guro. Lahat ng ito ay nagaganap noong normal pa ang sistema ng ating edukasyon. Subalit sa panahong ito, na kung saan nga na Modular Distance Learning ang karamihan sa mga pag-aaral ng mga mag-aaral, ang kanilang mga magulang ang nagsilbing

guro nila sa mahabang panahon. Dito masasabi nating nagpalit ng katayuan ang guro at magulang, ang dating guro na nagbibigay ng kaalaman ay siyang naging tagapagbigay ng suporta na lamang sa mag-aaral at magulang.

Maituturing na ang magulang na ang may hawak ng sagwan sa paglalakbay ng mga mag-aaral patungong dagat ng karunungan at edukasyon. Sa pagkakataong ito higit na marami ang hirap na pinagdadaaan ng ilang mga magulang para sa kanilang mga anak. Suporta na walang humpay na pinagkakaloob nila hindi lang para sa kanilang mga anak o apo, bagkus suportang naibibigay nila sa paaralan. Suportang binibigay nila lalo't higit sa mga tulad kong guro na limitado ang pamamaraan na pwedeng ibigay sa mga bata dahil na din sa sitwasyon.

Sa panahong natigil sa pagpasok ang mga mag –aaral, magulang ang naging guro nila, hindi natin maitatanggi na nagkaroon ng mga learning loss sa mga mag-aaral. Ito ay sa kadahilanang may mga magulang na gustuhin man nilang turuan ang kanilang mga anak ay kulang sila sa kapasidad. May mga magulang sa pampublikong paaralan ang hindi nakatapos ng kanilang pag-aaral. Ito ang dahilan kung bakit hirap silang ituro ang mga aralin. Karamihan sa kanila ay talaga ngang higit na nangangailangan ng suporta ng guro para sa kanilang mga anak. Dito lumalabas ang ugnayan at tulungan ng magulang at guro para maibigay ng tama at nararapat ang bawat aralin para sa mga mag-aaral. Ito ang bagay na lalong pinagtuunan ng magulang at mga guro upang kahit paano ay matugunan at maibigay sa mga mag-aaral ang mga dapat nilang matutuhan.

Tunay ngang ang suporta ng magulang sa panahon ng pag-aaral ng kanilang mga anak ay napakahalaga. Kung kaya saludo kaming mga guro sa mga magulang na matiyagang naituturo ang mga aralin sa kani-kanilang mga anak. Guro ang nagsisilbing suporta ng mga magulang para sa kanilang mga anak. May mga pagkakataong gabi o kahit araw ng Sabado o Linggo ay may mga magulang na magtatanong hinggil sa mga aralin na nahihirapan sila, ginaganawa nila ito upang maibigay at maituro nang tama ang mga aralin ng kanilang mga anak.

Sa kabilang banda, hindi naman matatawaran ang mga suportang binibigay ng mga katulad kong guro upang magkaroon parin ng kalidad na edukasyon ang bawat mag-aaral. Gumawa ng iba't ibang pamamaraan ang mga guro upang mapadali ang pag-aaral ng mga bata. Sila ay naghanda ng mga video lessons at video tutorials upang tulungan ang mga magulang na ipaintindi ang mga aralin. Katulong din ang mga social media na alternatibong pamamaraan ng pagkatuto.

Ang suporta ng ating mga magulang ay hindi lang tumitigil sa pagtuturo ng kanilang mga anak. Kaagapay din sila sa mga programa at adhikain ng ating paaralan. Hindi nila alintana ang banta at panganib sa kanilang kalusugan na dulot ng pandemya. Patuloy silang nagbibigay ng suporta para sa paaralan. Dahil sa kanila ay napanatili ng paaralan ang kaayusan at kagandahan nito. Patunay dito ang programang Gulayan sa Paaraalan at Brigada Eskwela na taon-taong nagiging matagumpay dahil sa pakikiisa nila.

Kailangan din ang suporta ng mga samahan ng mga magulang sa paaralan upang anumang layunin at proyekto ang maisakatuparan at mapagtagumpayan ng paaralan, lalo't higit para sa mga programang nakalaan para sa kanilang mga anak. Pasasalamat para sa mga suportang naiibigay at maibibigay pa ng mga magulang para sa mga paaralant Sila ang katuwang sa malaking pagbabago at reporma sa ng mga paaralan.

Kaming mga guro ay saludong tunay sa mga magulang sa lahat ng suporta at tulong na naibibigay ninyo sa bawat araw lalo't higit sa pag-aaral ng inyong mga anak. Nawa'y ang labang ito sa panahon ng pandemya ay walang iwanan, higit pang manaig ang pagkakaisa at pagtutulungan upang ang layunin ng paaralan at Kagawaran ng Edukasyon ay maisakatuparan…ang tagumpay ng mga mag-aaral ay tagumpay ng magulang at ng paaralan.

CARDINAL G. MANANES
Teacher III
Magtanggol Integrated School